MAPLE STREET CORRECTIONAL CENTER (MSCC)
1300 Maple Street Redwood City, CA 94063
(650) 599-3000 www.smcsheriff.com

May Insentibong PERSONAL na Pagbisita para sa Pagpapatala at Pagdalo

Simula Setyembre 1, 2023, ang lahat ng bilanggo na aktibong nakatala at dumadalo sa **mga klaseng nakabatay sa Mga Serbisyo ng Programa** at/o ang mga taong nagtatrabaho sa **Kusina** o **Labahan** ay bibigyan ng ISANG 45 minutong PERSONAL na non-contact na pagbisita sa Maple Street Correctional Center kada dalawang (2) linggo sa kalendaryo na cycle. **Halimbawa:** Isang (1) pagbisita mula ika-1 hanggang sa ika-14 ng buwan at pangalawang pagbisita mula ika-15 hanggang sa katapusan ng buwan.

Ang mga pagbisitang ito ay dagdag sa dalawang (2) virtual na pagbisita sa pamamagitan ng video na kasalukuyang available.

PROSESO NG PAG-SIGN UP:

1. Ang mga PERSONAL na non-contact na pagbisita ay iiiskedyul ng kapamilya at/o mga kaibigan nang maaga nang kahit 24 na oras man lang sa pamamagitan ng pagtawag sa (650) 599-3000 at pagpili sa opsyong Maple Street Correctional Center para may makausap na miyembro ng staff.
2. Tatlong (3) kapamilya, kaibigan, kabilang ang mga anak, ang puwedeng bumisita sa bawat pagkakataon. Sa panahon ng pagpaparehistro, kakailanganin ng mga bisita na ibigay, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, ang impormasyong nakasaad sa kanilang KASALUKUYAN/VALID na ID na may larawan na ibinigay ng gobyerno, na karaniwan ay numero ng lisensya sa pagmamaneho/ID. Hindi papayagan ang mga tao na wala pang 18 taong gulang na bumisita nang walang kasamang adult na miyembro mismo ng pamilya. Ang miyembro mismo ng pamilya ay tinutukoy bilang lolo o lola, ama, ina, kapatid, o legal na tagapangalaga. Ang mga anak na menor de edad ay dapat magdala ng kanilang sertipiko ng kapanganakan, kasalukuyang ID sa paaralan, ID sa U.S., o lisensya sa pagmamaneho na may larawan.
3. Ilalapat at ipapatupad ang lahat ng pangkalahatang panuntunan sa pagbisita.
4. Puwedeng iiskedyul ang mga pagbisita sa mga sumusunod na araw:

    Lunes – hindi puwedeng bumisita
    Martes hanggang Biyernes - 7-7:45 p.m. at 8-8:45 p.m.
    Sabado at Linggo - 2-2:45 p.m., 7-7:45 p.m., at 8-8:45 p.m.

Walang puwedeng magpalit mula sa pagbisita sa pamamagitan ng video at gawing PERSONAL ang pagbisita, kahit na bakante ang slot para sa PERSONAL na pagbisita. Walang eksepsyon.

Inirebisa noong 08.21.23